

Pahintulot para sa Pagbabayad ng Pansamantalang Tulong Interim Assistance Reimbursement Authorization

PANGALAN NG KLIYENTE	NUMERO NG SOCIAL SECURITY	NUMERO NG ID NG KLIYENTE	NUMERO NG TELEPONO
TIRAHAN	LUNGSOD	ESTADO	ZIP CODE
TIRAHAN PARA SA PAGPAPADALA NG SULAT	LUNGSOD	ESTADO	ZIP CODE

Ang salitang Estado ay nangangahulugang Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan ng Estado ng Washington. Ang mga salitang ako at aking ay nangangahulugang ang pinangalanang kliyente sa itaas. Ang salitang SSA ay nangangahulugang Social Security Administration. Ang SSI ay nangangahulugang Social Security Supplemental Security Income, na isang programa ng pamahalaan bilang suplemento sa kita. Ang salitang Pansamantalang Tulong (Interim Assistance) ay nangangahulugang ibinabayad na salapi na ganap na tinutustusan ng mga pondo ng estado at ibinibigay ng Estado sa o sa ngalan ng kliyente upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng kliyente na dinodoble sa kalaunan ng inisyal o ibinalik (reinstated) na bayad ng SSI.

Ano ang pinahihintulutan ko sa pagpirma ng form na ito?

Kung malalaman na ako ay karapat-dapat makatanggap ng mga bayad ng SSI, nauunawaan ko na pinahihintulutan ko ang Komisyonado ng SSA na magkaloob sa Estado ng isang halaga mula sa aking nakaraang mga bayad ng SSI na katumbas ng halaga ng tulong na subsidiya ng Estado na natanggap ko.

May kapangyarihan ba ang Estado na hilingin sa akin na pirmahan ang pahintulot na ito?

Oo. Ang pagpirma sa pahintulot ay isang kinakailangan sa pagiging karapat-dapat para sa tulong na salapi na pinopondohan ng estado ayon sa WAC 388-400-0060 at RCW 74.62.030. Kung tatangi akong pirmahan ang pahintulot na ito, hindi ako makakatanggap ng tulong na subsidiya ng Estado.

Ano ang gagawin ko kung padadalhan ako ng SSA ng buong bayad para sa nakaraan (retroactive)?

Nauunawaan ko na hindi ako makakatanggap ng tulong na subsidiya ng Estado at mga benepisyo sa SSI para sa parehong panahon. Kapag inaprubahan para sa SSI, nauunawaan ko na ang tulong na subsidiya ng Estado ay magiging pagkakautang sa akin at dapat bayaran. Kung makakatanggap ako ng mga bayad ng SSI para sa nakaraan na hindi binawasan para bayaran ang Estado, tatawagan ko ang Tanggapan ng Panunumbalik sa Problemanang Pinansyal (Office of Financial Recovery) sa 1-800-562-6114 at susundin ang kanilang mga instruksiyon tungkol sa kung paano bayaran ang utang.

Gaano katagal may bisa ang pahintulot na ito?

Ang pahintulot ay dapat kong pirmahan at ng isang kinatawan ng Estado upang magkaroon ito ng bisa. liral ito nang isang taon sa kalendaryo sa Estado at sa akin mula sa petsang matatanggap ko ito at ng Estado at sumasang-ayon akong mag-file para sa SSI sa panahong iyon.

Kapag **nag-file** ng aplikasyon para sa SSI, ang pahintulot na ito ay **patuloy na magkakaroon ng bisa** hanggang:

- Makuha ko ang aking unang bayad ng SSI; o
- Hindi ako magpa-file ng isang kahilingan para sa pagsusuri o administratibong apela at ang pinakamataas na pinapayagang panahon upang mag-file ay natapos na; o
- Sumasang-ayon ang Estado at ako na tapusin ang pahintulot na ito.

Ang pahintulot na ito ay hindi iiral sa akin kung hindi aabisuhan ng Estado ang SSA sa loob ng 30 araw ng petsa nang pinirmahan ko ang pahintulot na ito.

Ang pahintulot ba na ito ay nagsisilbi bilang una at protektadong pag-file (protective filing) para sa mga benepisyo sa SSI?

Oo, kung hindi pa ako nakapag-file ng isang aplikasyon sa SSI, dapat tanggapin ng SSA ang form na ito at gamitin ang petsa nang pinirmahan ko ang pahintulot bilang petsa nang mag-apply ako para sa SSI kung magpa-file ako ng isang aplikasyon ng SSI sa loob ng 60 araw ng petsa nang pinirmahan ko ang pahintulot. Kung hindi ako magpa-file ng isang aplikasyon para sa mga benepisyo sa SSI sa loob ng 60 araw, hindi na poprotektahan ng pahintulot na ito ang petsa ng aking pag-file para sa SSI.

Mayroon akong karapatan para sa isang Administratibong Pagdinig kung hindi ako sasang-ayon sa isang gagawing pagkilos ng Estado hinggil sa pahintulot na ito.

PIRMA NG KLIYENTE	PETSA
PIRMA NG KINATAWAN NG DSHS	PETSA NANG MATANGGAP NG DSHS

